


SINO SI JESUS?

 Kung ako po ang tatanungin, ito pong nagkaroon tayo, nito lang, ay masasabing isang maginhawang salu-salo, na mainam na agahan na pinagsaluhan natin; kadalasan kasi kapirasong umbok lang na tinapay na nawala na mismo 'yung init at may kaunting jelly lang sa palibot nun. Nasa Phoenix po ako, nung isang araw, at binigyan nila ako ng pancake na walang. . . ang tawag namin dun, sa Katimugan, “flapjacks,” at wala ngang pulot na kasama sana, at kaya ako—ako—ako po'y naglagay na lang ng asukal dun sa akin. Medyo ano 'yun. . . At ngayon, heto nga, na nagkaroon tayo nitong mainam na agahan dito! At di lang diyan, sa natural, magkakaroon din tayo ng kaginhawaan sa espirituwal.

² Nagagalak ako nang lubos na mapakinggan ang patotoo ng isang munting kapatid na lalaki rito. Pinatawag ako nung isang umaga sa tabi ng kinararatayan niya; nabanggit nila sa akin na may nangyari raw. Sa pagkakaalam ko isa siya sa mga unang nagsikap na maitaguyod ang pagtitipon na ito rito. Tunay na sinusubukan ni Satanas na gawin ang bagay na 'yun sa lingkod na iyon ng Diyos. Pero nakita n'yo naman kung papaano mismo ang pagkilos ng Diyos, ibinunsod Niya na 'yun ay maging isang katangi-tanging patotoo, para ipakita ang kapangyarihan Niya. Ibinunsod Niya na ang lahat ng mga bagay ay kumilos ayon sa ikabubuti, ng mga nagsisiibig sa Kanya. Ganoon na lamang ang pasasalamat ko na marinig ang patotoo na 'yan, kapatid.

³ At tunay na isang pribilehiyo para sa akin ang makaparito sa siyudad na ito, kasama kayo na mga narito. Haya't, naku, di ko maipaliwanag ito, itong nararamdaman ko sa situwasyong ito. Ngayon di man ganoong apaw-apaw ang mga nagsiparito, at mga bagay na ganoon, na kung minsan ay may ganoon tayo; pero heto nga na mukhang may inihahanda ang Diyos na gawin mismo, o may bagay na isinasaayos talaga, na ibinubunsod ang mga tao na makapaghanda para sa isang bagay, ibinubunsod na ang mga tao'y bumalik sa pagkakalinya kung saan dapat sila, at ang makatagpo ang mainam na mga pastor dito, at iba pang bagay.

⁴ At, heto rin, na isang pribilehiyo sa akin na mapakaparito sa lugar na ito ngayong umaga para makapangusap sa Full Gospel Business Men. Nauunawaan ko na ang sangay rito ay bago pa lang na nagpapasimula. Maliit pa talaga, at gaya ng nabanggit ng kapatid na lalaki rito haya't kailangan nila ng tao.

⁵ Buweno, mangyaring napakaraming malalaki't maiinam na mga organisasyon ang—ang kinatawan ko sa buong palibot ng mundo noon, sa lahat ng mga full Gospel, lahat ng mga Baptist

at iba pa, haya't, mapasa hanggang ngayon ay kabilang pa rin ako sa isang grupo, at 'yun ang—ang Business Men, dahil hindi ito kumakatawan ng anumang organisasyon. Sa katunayan po, ito'y—ito'y inter-ebanghelikal. Di nito kinakatawan ang ano pa mang iba kundi ang full Gospel lang mismo, at kaya tayo po'y nagagalak nang lubos sa bagay na 'yan.

⁶ At binubulay ko, na kayo na kalalakihan sa siyudad na ito, haya't. . . Tunay po, kung may oras na maniniwala kayo na ang sasabihin ko sa inyo ay totoo, ito 'yung panahon na 'yun kung saan ang mga full Gospel businessmen ay nagkakatipun-tipon na magkakasama para sa isang pagbubuklod. Matututo kayo ng mga bagay mula sa isa't isa, sa mainam na panahon na ito ng Sabado ng umaga, na may mangungusap.

⁷ Ang presidente ng . . . ang internasyunal na presidente, si Kapatid na Shakarian, ako'y naipakilala sa kanya maraming mga taon na ang nagdaan. Marami sa inyo ang alam na ang tungkol dun, na minsan may mga telegramang nakalapag sa lamesa, patong-patong sa taas; at habang kumukuha ako nang paisa-isa dun, nasumpungan ko 'yung tungkol sa isang babae na nagngangalang Shakarian, naghihingalo na dahil sa kanser. At sa kung anong paraan ay pinangunahan ako ng Panginoon sa dakong 'yun, at dun ko po nakilala ang mga Shakarian, nung ang babae po ay pinagaling. Dun din nabautismuhan si Doktor Theodore Palouveas, yamang, siya ang doktor nila, isa siyang doktor na Griyego.

⁸ Ang sabi pa niya noon, “Yan mismong kaisipan na 'yan, na pinapaasa mo ang mga tao sa ilalim ng huwad na kaisipan.” Sabi, “Ang babae ay nakaratay na roon at mamamatay na!”

⁹ Nung una po pala, nung pagkapasok ko sa bahay, ang sabi niya noon, “Ngayon sa pagpasok mo roon,” sabi, “huwag kang umimik, tahimik lang,” sabi, “dahil naghihingalo na ang babae. Matagal na siya sa ganoong kalagayan dito, at 'yung parehong dibdib ay tinanggal na, at grabe na ang pamamaga niya.” Sabi, “Talagang mamamatay na siya.” Tapos sabi, “Wala ka nang magagawa pa sa bagay na 'yan.” At ako nama'y nakinig lang nang kaunti sa animo'y pagsesermon niya. Sabi niya, “Ngayon basta tahimik ka lang. Huwag kang manalangin nang malakas o kung ano.” Sabi, “Umusal ka lang ng munting panalangin mo at bumalik ka na rito.”

Sabi ko, “Sige, po.”

¹⁰ Kaya nagpunta na ako. Alam ko naman sa sarili ko na di ko pakikinggan 'yun, alam n'yo. At sabi ko kami. . . Umakyat na ako nung hagdan. At doon po, sa palagay ko parang. . . Haya't naalala ko na. Umakyat na po ako. At si Florence, na nung panahon na 'yun, ay bata pa, magandang, kabataang babae, at si Rose at lahat sila dun, lahat po sila'y nananalangin; at 'yung

nanay nila ay nakaratay dun na walang malay, dalawang araw nang walang malay, namamaga na ang buong katawan.

¹¹ At kaya lumuhod na ako para manalangin. At nung gawin ko na, doon nga'y dumating ang Anghel ng Panginoon, bumaba mismo dun sa may higaan, ang sabi, "Sa loob ng tatlong araw ay babangon siya."

¹² Pagkatapos bumaling na ako't lumabas na, at sinundan nila ako. Sabi ko, "Sa... Haya't sa Pangalan ng Panginoon, siya ay babangon." At mangyaring napahiyaw sila.

¹³ Tapos heto na si Doktor Palouveas, at akma na sana niya akong palalabasin ng bahay. At siya nga'y...sabi ko...Sabi niya, "Yang mismong kaisipan na 'yan!" Tapos ako naman... "Buweno, pinapaasa mo ang mga taong ito sa isang huwad na pag-asa! Mamamatay na ang babae."

¹⁴ Sabi ko, "Kung pagbabasehan ang rekord ng mga bilang n'yo, ganoon nga. Pero kung pagbabasehan po ang Salita ng Panginoon, hindi." Kita n'yo? Sabi ko, "Mabubuhay siya."

¹⁵ "Kalokohan," sabi niya, "mas mabuti sigurong umalis ka na sa lugar na ito, umalis ka na."

¹⁶ Tapos lumapit na roon si Kapatid na Shakarian, ang sabi, "Sandali lang po." Kita n'yo? Sabi, "Pinapunta ka namin dito, siya nga rin, bilang doktor namin, at nagpapasalamat kami sa iyo." Sabi, "Pero pinatawag din namin si Kapatid na Branham. Pag-asa galing sa'yo, di mo kami binigyan. Siya'y nagbigay, kita mo."

¹⁷ Tapos sabi ko, "Sige't sasabihin ko kung anong gagawin ko. Kung di siya babangon at makakatayo uli, sa loob ng tatlong araw, maglalagay ako ng karatula sa likod ko na nakalagay, 'huwad na propeta,' tapos pupunta tayo ng Los Angeles, haya't sumakay ka ng kotse mo, magmaneho ka sa kalsada, bumusi-busina ka, na tinuturo ako, kita mo. At heto rin na kung siya'y bumangon naman, hayaan mo rin akong maglagay ng karatula sa likod mo na nakalagay, 'pekeng doktor,' tapos sumakay ka sa loob ng kotse mo at bumusi-busina, kita mo." [Tumatawa ang kongregasyon—Pat.] Hindi siya pumayag. Paglaon po, siya rin ay nabautismuhan sa isang bambang sa irigasyon, at siya po'y naglingkod mismo sa Panginoon. Tuluy-tuloy, hanggang sa siya'y kunin na sa Tahanan sa Kaluwalhatian.

¹⁸ At ganoon ko po nakilala ang mga Shakarian. Di katagalan ay naging kabahagi ako ng pagtulong sa kanila na maitayo ang una nilang sangay. At sa buong bansa, sa buong mundo, ako'y katuwang nila sa kanilang mga sangay. At sila po'y talagang mainam na grupo ng kalalakhian.

¹⁹ Iniisip ko nga na malaki ang inyong—inyong napapalampas kung di n'yo pagtitibayin ang inyong pakikipagbuklod sa dako rito, dahil ito po'y pakikibuklod. "Marapat na ating matipon ang

ating mga sarili na magkasama-sama,” ’yan ang sinasabi sa atin ng Biblia, “yamang nakikita na natin ang katapusan na parating na; na di pinababayaang ating pagkakatatipon na magkasama-sama.” Di lang po—di lang po basta ganyan, pagtitibayin pa kayo nito. At, kayo, ang inyo mismong pagpapatibay ay magpapatibay sa iglesya. At itong buong ito. . . Ang Full Gospel Business Men ay hindi po isang organisasyon na para humiwalay lang, tapos sasabihin, “Grupo namin ito.” Ito po’y para sa lahat ng mga mananampalataya, para magkalakip-lakip. At ito po’y sadyang bahagi lamang ng iglesya, kita n’yo, ng iglesya mismo, ang espirituwal na mga mananampalataya. At sa tingin ko isa—isang mainam na bagay kung inyo—kung inyo itong gagawin. Para itong, siguro ay di naman. . .

²⁰ Sana di maging pamumusong ang dating nito. Pero may isa po na nagsabi sa akin di pa katagalan, sa isang pagtitipon, ang sabi niya, ang sabi nga nung lalaking ito, “Hindi ba’t, isa kang mangangaral.”

²¹ Sabi ko, “Buweno, siguro’y abot na sa kalahating baitang na masasabi kong ganoon nga.” Ako—ako po’y para bang ilag na magsabi ng anumang tungkol sa mga mangangaral, sa harap ng mga Full Gospel.

²² Alam n’yo, ang—ang tatay ko po ay isang—isang—isang mangangabayo. Tagasubok siya ng mga kabayo para malaman kung ligtas sakyan ang mga ito. Nung maliit na bata pa lang ako, naisip ko, alam n’yo, na magiging mangangabayo, rin ako. Alam n’yo naman ang mga maliliit na bata haya’t gusto nilang maging kagaya ng tatay nila, at talagang inisip ko na magiging mangangabayo rin ako. Haya’t maaabutan ko ang tatay na nasa likod siya nung lugar na ’yun, alam n’yo, habang nag-aararo, tapos dadalhin ko dun ’yung matandang kabayo ko na pang-arararo at dadalhin ito roon sa may lumang labangan ng tubig, alam n’yo, tinabtab nga ’yun mula sa isang buong troso.

²³ Ilan na ang nakakita ng ganoon, lumang. . . Buweno, saan ka sa Kentucky nakatira? Oh! Ilan po ang nakaranas matulog sa kutsong-dayami? Buweno, puwede ko sigurong hubarin na itong amerikana ko’t kurbata ko, mistulang nasa bahay po ako rito. Buweno, ganoon—ganoon—ganoon po ang kinalakihan ko.

²⁴ Hayan nga’t lagi akong pumupunta roon. At si tatay po ay may angkasan ng kabayao, alam n’yo. At lagi ko nga siyang nakikita dun sa likod ng lugar na ’yun, at dala-dala ko ’yung matandang kabayo na pang-arararo. Tapos tinitipon ko ’yung mga kapatid kong lalaki, at pinapupuwesto ko sila sa palibot nung bakod, alam n’yo, at ako po ang pinakamatanda sa amin na siyam. Pupunta’t kukuha ako ng malaking sandakot ng damo tapos ilalitag ko ’yun sa ilalim ng angkasan, pagkatapos hihigpitan ko ’yung bigkis, tapos aangka na ako roon. Naku! Yung kawawang kabayo’y parang pagod na pagod agad na di

niya maituwid 'yung mga binti niya sa lupa, at sige tuloy siya sa pag-angal at pag-iingay, natutusok siya nung mga damo, alam n'yo, at mahigpit din kasi 'yung pagkakabigkis sa kanya. Tapos heto na't may patanggal-tanggal pa ako ng sumbrero ko, at ako nga'y sadyang. . . Tunay na cowboy na ako sa lagay na 'yun. Sa totoo lang marami lang talaga akong nabasang mga magasin, kaso hanggang dun lang po talaga. Pero hayun nga na pinaniniwala ko ang mga kapatid kong lalaki na isa akong tunay na cowboy, kita n'yo, dahil iniisip ko na ganoon ako.

25 Nung halos magdidisi-otso na ako, umalis ako ng bahay at nagpunta ako ng Arizona. "Kailangan nila 'yung tulad ko para manubok ng mga kabayo nila roon. Sigurado ako. Haya't sila dun. . . Kailangan nila ako, kaya kinakailangan kong umalis ng tahanan." Wala pa ako sa hustong gulang, pero umalis nga ako, at mangyaring nung pagdating ko ng Phoenix ay tamang-tama na may pa-rodeo sila roon, alam n'yo. Kaya nagpunta ako roon para tingnan 'yung mga kabayo nila roon, para makita ko kung alin ang sasakyan ko. Yung mga kabayo na di masakyan, 'yun 'yung sasakyan ko, alam n'yo, 'yung angkasan nung mga 'yun ay de plata.

26 Ako po'y maliit na tao na talaga, simula't sapul ay maliit na talaga ako, at naisip ko na bumili ng pares ng chaps. Alam ko na 'yun 'yung sinusuot ni tatay. At wala siya nung panahon na 'yun, kaya bumili ako. . . May nakita akong mainam na pares, alam n'yo, na may A-r-i-z-o-n-a pa sa ilalim nun, may mga nobilyo't kung anu-ano pa. Sa isip-isip ko, "Oh, naku, bagay na bagay 'yan sa akin kung isusuot ko," alam n'yo naman, ang isang kabataan. Sinubukan ko nang isuot, pero halos labing-walong pulgada nun ang sobra-sobra't sumasayad dun sa sahi. At nagmukha akong bantam na manok sa liit, alam n'yo, na may bala-balahibo pa roon. Naisip ko, "Di talaga uubra," kaya nagpasya na lang ako't pares na lang ng Levis ang binili ko.

27 At naisip ko, "Pagkakakitaan ko naman." Kaya lumabas na ako't tumingin-tingin sa buong paroo't parito ng mga kabayo na nakatayo sa dako roon, na masyadong maiilap na di nga nila kinakain 'yung mga dayami, at naroon sila sa loob ng kamalig. Sa isip-isip ko, "Oh, naku!"

28 Mangyaring 'yung unang inilabas nila roon, mangyari nga na 'yung. . . Kakatwa nga, na sinasabi ko ito sa umagang ito, di ko nga naisip 'yun haya't ngayon ko lang naalala; mangyaring 'yung unang kabayo na dapat sakyan nung hapon na 'yun, dun sa paligsahan, ang tawag dun ay "Kansas Outlaw," at galing po 'yun ng Kansas, talagang matangkad na malaking labimpitong-kamay-ang-taas na outlaw na matatawag siya. At mangyaring may sikat na mangangabayo na dapat ay sasakay roon.

29 Ipinuwesto ko 'yung sarili ko dun sa pangharang na bakod, katulad nung iba pang mangangabayo dun, alam n'yo, at sila'y

nakahimpil dun. Pababa-baba pa sila nung sumbrero nila nang paganoon. Sa isip-isip ko, “Mukha na talaga akong tunay na mangangabayo,” sa pagtingin ko roon.

³⁰ Mangyaring lumabas na roon ang lalaki, kumpleto siya sa gayak. Siya—siya, nung lumabas na siya roon sa tarangkahan, sakay sa kabayong 'yun, nagpaikot-ikot siya nang dalawa o tatlong beses siguro tapos itinaas nung kabayo 'yung dalawa nitong paa sa harap, at 'yung lalaki. . . Napunta 'yung kabayo sa direksyong ito, at 'yung lalaki nama'y pasaliwa. Kinuha na nung mga tagahawak ng lubid 'yung kabayo. At kinuha naman nung ambulansya 'yung mangangabayo, haya't may dugo nang lumalabas sa kanyang mga tainga. At tuloy pa 'yung kabayo sa pagkaldag-kaldag dun, at kaya kinuha na siya dun nung mga tagahawak ng lubid.

³¹ Pagkatapos tumawag na 'yung tagatawag, “Bibigyan ko ang sinuman ng sandaang dolyar na makaaangkas sa kabayo nang sampung segundo.” Lumakad nga siya roon, galing sa isang direksyon dun, ang sabi, tumingin siya nang diretso sa akin, ang sabi, “Isa ka bang mangangabayo?”

³² Tapos sabi ko, “Hindi, po.” Nagbago agad ako nang isip, sa isang iglap. Di naman pala ako mangangabayo.

³³ Noong bago pa lang ako na naordenahan, sa Missionary Baptist Church, kilik-kilik ang pagdala ko ng Biblia ko sa kili-kili ko, alam n'yo, nang *paganoon*, at dala-dala ko pa talaga ang aking—aking mga kredensyal. Ako'y—ako'y tagapagtanggol ng Pananampalataya, 'yun nga ang pakiramdam ko dun. Iniisip ko na isa na talaga akong mangangaral.

³⁴ Isang araw nung naroon ako sa St. Louis, nung mapagaling ang munting batang babae na ito na Daugherty, at iniisip ko na isa talaga akong ministro. Nagtungo ako roon at nakipagtipon ako sa mga Pentecostal. At ito pong si Robert Daugherty, ilan sa inyo marahil ang nakakakilala sa kanya. At narinig ko siya na mangaral. At 'yung lalaki'y nangaral hanggang sa lumuhod na siya't mag-asul ang mukha niya, at masasalampak dun sa sahig at babalik pa rin sa pagkakatayo, na sinusubukan niyang habulin ang hininga niya, anupa't maririnig n'yo pa rin siya kahit dalawang bloke na ng bayan kalayo, na tuloy pa rin sa pangangaral.

³⁵ Ako, sa makaluma't mabagal kong Baptist na pamamaraan haya't di ganoong kabilis ako mag-isip. Kaya sinuman na may magsasabi sa akin, mula noon, “Isa ka bang mangangaral?” Sinasabi ko, “Hindi, po.” Mas maingat na po ako.

Haya't ang sabi nung lalaki sa akin, sa Philadelphia. . .

³⁶ Doon po gaganapin ang kasunod na pagtitipon na idaraos, sa internasyunal. Inaasahan akong mangusap ng ika-29, ako ang magpapasimula ng pagtitipon sa ika-29, para kay Doktor Brown at—at sa marami pang mga kapatiran. Sa Philadelphia po ito,

magsisimula 'yun ng ika-29 ng buwan na ito. Pribilehiyo para sa akin na pasimulan ang pagtitipon, nang sa gayon, at magpaunlak ng dalawang agahan para sa kanila.

³⁷ Sabi nga nung isang lalaki, “Anong dahilan at lagi kang sumasama-sama sa mga Businessmen? Hindi ba’t mangangaral ka.”

Sabi ko, “Buweno, isa akong—isa akong negosyante.”

Sabi nung lalaki, “Buweno, ano—ano namang negosyo ang pinasok mo?”

³⁸ Tapos sabi ko, “Sa negosyo ng assurance.” Medyo mabilis lang 'yung pagkakasabi ko kaya di niya nakuha agad 'yung ibig kong sabihin, kita n'yo. Di niya nakuha 'yung sinabi ko. Di ko sinabing “insurance,” ang sabi ko “assurance.”

³⁹ Sabi niya, “Buweno, ikinatutuwa ko—ikinatutuwa ko na—na malaman 'yan.” Sabi niya, “Ano, saan naman ang punong himpilan ng kompanyang ito?” Sabi, “Anong klaseng insurance naman 'yan?”

Sabi ko, “The Eternal Life.”

Sabi niya, “Di ko pa yata naririnig 'yan. Saan ang punong himpilan n'yan?”

Sabi ko, “Sa Kaluwalhatian.”

⁴⁰ Kaya kung mayroon man sa inyo na interesado, ikatutuwa kong makipag-usap sa inyo tungkol sa alok na ito pagkatapos ng gawain.

⁴¹ At naalala ko rin, di pa katagalan, patungkol sa insurance. Sana po walang ahente ng insurance dito. Ang kapatid ko pong lalaki ay ahente ng insurance, siyanga pala, sa Prudential. Heto nga na nabanggit ko na noon 'yung tungkol dun sa munting di-magandang kontrata ko noon sa isang insurance minsan. At di kasi nila binasa sa amin 'yung kasulatang garantiya nang tama, at si tatay ay nagtrabaho nang sampung taon para sa halagang dalawampung-taon, na isahan sanang matatanggap nang buo, sa akala namin. Nung handa na sanang kunin 'yung pera, ang halaga po ay pitong dolyar at limampung sentimo lang, at ang buong akala namin ay aabutin ito ng daan-daang dolyar. Pero, hayan nga't di ko—di ko alam. Ayos lang naman, maganda rin naman ang insurance, kung tutuusin po; di ko ibinababa 'yun. Mainam kung sa mainam ito.

⁴² Mangyari pong may kaibigan ako sa insurance, o nag-alok noon ng insurance, ang ibig kong sabihin, isa pong lalaki na nakasama ko noon sa pagi-eskuwela nung araw; ang kapatid niya, ay sumusulat para sa *The Upper Room*, napaka inam na ministrong Baptist. Haya't pinuntahan ako ni Wilmer, isang araw, ang sabi, “Billy, bumisita ako rito para kausapin ka sana tungkol sa insurance.”

43 Sabi ko, “Buweno, Wilmer,” sabi ko, “sasabihin ko nga sa iyo, mainam tayong magkaibigan maski nung araw pa,” sabi ko, “at hayan nga.” Sabi ko, “Kung gusto mong makipag-usap tungkol sa lagay ng panahon, o—o anupamang iba, sige, maski tungkol pa sa biyahe para mangisda o kung ano. Sige’t handa akong makipagkuwentuhan tungkol diyan. Pero . . .”

Ngayon ang sabi niya, “Buweno,” sabi, “kailangan mo ng insurance.”

Tapos sabi ko, “May assurance na ako.”

44 Tapos sabi niya, “Oh pasen- . . . Kung ganoon si Jesse,” ang kapatid ko ngang lalaki, “nabentahan ka na pala niya ng isang alok ng garantiya?”

45 Sabi ko, “Hindi.” Tapos tiningnan ako ng maybahay ko na parang mapagkunwari ako, kita n’yo, dahil alam niya na wala naman talaga akong insurance. Kaya tumingin siya sa akin. At ang sabi ko, “Oo,” sabi ko, “May assurance na ako.”

46 Sabi, “Ano naman ’yun?” Tapos ang sabi ko:

Pinagpalang katiyakan, si Jesus ang tangan!
Oh, damang-dama ngayon pa lamang Banal na kaluwalhatian!
Ako’y tagapagmana ng kaligtasan, sa Diyos mayroon nang katubusan,
Sa Kanyang Espiritu ay isinilang, sa Kanyang Dugo ay hinugasan.

47 Sabi niya, “Billy, sobrang inam n’yan, pero di ka naman n’yan mailalagay sa libingan.”

48 Sabi ko, “Pero hahanguin naman ako nito. Di ko—di ko na inaalala ’yung mailagay dun; ’yung mahango mula roon ang inaalala ko.”

49 Mga kalalakihan sa pagnenegosyo, patuloy pa rin po ang pag-aalok ko. Kung gusto n’yo pong pag-usapan ang bagay na ’yan kasama ako, ikinagagalak ko na gawin ’yan para sa inyo.

50 Pero sadya ngang napaka inam na bagay ang magkaroon ng pagbubuklod. Naniniwala ako na nakasulat ’yan mismo sa Kasulatan, “Napakabuti’t napakaligaya na ang magkakapatid ay magsitahan na magkakasama sa pagkakaisa. Ito’y parang mahalagang langis na nasa balbas ni Aaron, na tumutulo sa laylayan ng kanyang suot.” May kung anong mainam na bagay talaga sa isang pakikipagbuklod!

51 Ang Diyos ay nag-iisa, dun sa pasimula, Siya’y nag-iisang Diyos. . . Hindi pa nga Siya Diyos kung tutuusin, sa pasimula. Alam n’yo po ba ’yun? Hindi kasi maaari. Ang *Diyos* ay isang “pinag-uukulan ng pagsamba,” sa salitang Ingles. Kita n’yo? Dahil Siya’y Elohim, ang mag-Isang kusang nabubuhay nang walang hanggan; di pa nga Siya Diyos kung tutuusin. Pero nasa Kanya na ang mga katangian, kagaya na lang na kayo po’y may

kaisipan. Kita n'yo? Ang inyong kaisipan, kinakailangan kong makita ang isang bagay, at pagkatapos . . . Lisipin ko ang isang bagay, at pagkatapos sasalitain ko. At ang isang salita ay isang kaisipan na naipahayag. Kaya, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay nahayag," kita n'yo, nagkaroon ng kahayagan.

⁵² At ngayon mahahambing nga ang lahat. Katulad na lang na tayo po'y, naipanganak na muli, nakamit natin ang Buhay na Walang Hanggan. Kung kamit nga natin ang Buhay na Walang Hanggan, mangyaring nag-iisa lamang ang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at 'yun ay ang Diyos. At tayo'y mga bahagi Niya. Ngayon puwede ko ngang ipangusap ito nang paganito sa mga Cristiano. Tayo'y mga bahagi. At si Jesus ay pumarito bilang isang Manunubos. Ilan ang naniniwala riyan? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang pagtubos, hindi nga ibig sabihin n'yan ay lumikha ng bago. Ibig sabihin ng pagtubos ay ipanumbalik kung ano 'yung mayroon na noon. Kita n'yo? Kaya ano pang ikinatatakot n'yo? Kita n'yo? Ang lahat—ang lahat ay naroon mismo sa Kanyang mga kamay, hindi mali ang pagtik-tak ng orasan. Lahat ng bagay ay marapat lamang na umayon sa ganitong paraan, at dinadala tayo nito sa pagkakaposisyon na ito. Ngayon . . .

⁵³ At tiwala ako at tunay na umaasa ako na ang bawat isa sa inyo na narito sa umagang ito, na di pa miyembro ng mainam na pagbubuklod na ito, na makipag-usap kayo sa mainam na lalaking ito rito; ako po'y nakipagkamay sa kanya nito-nito lang, ang—ang presidente po ng sangay na ito. At pagtibayin n'yo ang sarili n'yo! Sinabi mismo ni David na pinagtibay niya ang kanyang sarili laban sa kaaway. At sa inyo na kalalalahanan, nanaisin n'yo—n'yo—n'yo na gawin ang lahat ng makakaya n'yo para pagtibayin ang sarili n'yo laban sa kaaway. Naparito tayo bilang full Gospel na magkakapatid, kita n'yo. Tayo mismo'y nananampalataya Rito. Tayo'y kumilos nga, at humayo sa labas at akayin ang ilan pang mga kapatid at dalhin sila papasok, sila man ay full Gospel o hindi, at dalhin natin sila sa ating—ating mga pagtitipon. At manalangin po at gawin ang bahagi natin para pagtibayin pa nang lubos ang Katawan ni Cristo, at, sa ganoon, ay napagtibay natin ang mga sari-sarili natin. Ang Diyos ay sumainyo, tulungan kayo. Anumang oras na ako po'y magiging pakinabang sa inyo, ipaalam n'yo lang sa'kin. Ngayon halina kayo, bago tayo dumako sa Salita . . .

⁵⁴ Di ko po gustong panatilihin kayo rito nang matagal. Ako—ako po'y medyo . . . Gaya ng nabanggit ko na kanina, "Ako'y medyo mabagal, alam n'yo, at para ngang kinakailangan ko po mismo na mag-isip nang mabagal." At—at ang isip ko ay di ganoong kaalisto, kung tutuusin, kaya kinakailangan kong lubusin ang oras ko; at wala naman akong sariling nalalaman maliban sa kung ano mismo ang sabihin Niya sa akin na

sabihin, at kaya ako'y nalalagay sa alanganin kung minsan, pero naisasalba rin naman ako palayo roon nang maraming beses, kaya sinasabi ko lamang kung ano ang sinabi Niya. Pero bago tayo dumako dun sa Salita, dumulog lamang tayo sa May-Akda.

⁵⁵ Matagal na rin ang nakararaan, kasama ko sa pagbibiyahang isang sikat na Doktor ng Dibinidad, marami sa inyo ang marahil nakakakilala sa kanya, kay William Booth-Clibborn, at naipapangaral niya ang Ebanghelyo sa pitong lingguwahe. At pinag-uusapan namin nung panahon na 'yun ang tungkol sa Diyos at ang Kanyang mga katangian. At nangungusap po ako tungkol dun, sabi, "Parang brilyante, ang Diyos." Kita n'yo? At sabi ko, "Mangyaring itong mga kaloob na ipinapangusap mo," sabi ko, "ang mga ito—ang mga ito'y repleksyon ng pag-ibig ng Diyos." Tapos sabi ko, "Katulad na lang sa Aprika, noong kami nga'y..."

⁵⁶ Yung presidente ng minahan, doon sa Kimberley, isa siyang usher doon sa pila. Dinala niya ako noon sa minahan ng mga brilyante sa—sa Kimberley. Aba't, makakakita kayo ng ganoon na nakakalat lang sa may kalsada, pero di n'yo nga tatangkaing mamulot nun maliban na lang kung natapyas na 'yun mismo. Kinakailangan kasing ang asosasyon ang tatapyas nun. Haya't ang isang malaki't mabigat na brilyante, wala po 'yung ningas sa loob nun sa umpisa kapag madidiskubre n'yo 'yun. Wala po, kinakailangan na matapyas muna para magkaganoon.

⁵⁷ At ganoon ang Diyos, at kinakailangan Niyang masugatan noon dahil sa ating mga pagsalangsang, at mabugbog dahil sa ating mga kasamaan. Siya ang malaking Brilyante. At hayan nga na kapag tatapyasan n'yo ang isang brilyante, (napansin n'yo ba?) tinatapyas n'yo 'yun na magkaroon ng tatlong sulok, at 'yung araw kapag nasinagan 'yun ay magpapaaninag 'yun ng pitong kulay. Kita n'yo? At kung titingnan, 'yung pula sa pula, lilitaw na puti. Alam n'yo po ba 'yun? Ganoon nga. Ang pula sa pula, ang Dugo nga, 'yung pulang Dugo'y nakatunghay dun sa isang... Nakatunghay ang Diyos dun sa pulang makasalanan, habang nakatunghay sa pulang Dugo, na nagpapaging-puti dun sa tao. Siya'y nasa puso, kita n'yo.

⁵⁸ At—at haya hayan nga, doon, ang sabi ko, "Ang Diyos ay natapyasan, natabas, nabugbog, para mapaaninag sa mga sinag na ito, sa pagtama nito sa—sa dakilang Salita ng Diyos, haya't ipinapaaninag kung ano mismo ang Diyos."

⁵⁹ Tapos ito pong si G. Clibborn ang sabi niya, "Pero di mo naman ganoong kakabisado ang iyong Biblia."

⁶⁰ Sabi ko, "Marahil totoo 'yan. Pero kilala ko ang May-Akda nang lubos. Kaya 'yun—'yun po ang mahalagang bagay, kung kilala n'yo ang May-Akda." Ang makilala Siya, maski kabisado mo pa ang buong Salita, o hindi; sadyang ang makilala lamang Siya!

⁶¹ Sa pagkakaalala ko nabanggit 'yun ni Hudson Taylor sa isang batang-bata pang misyonero isang beses. Sabi kasi nung kabataan, "G. Taylor, katatanggap ko lang ng Espiritu Santo," sabi, "dapat po ba akong kumuha ng Batsilyer sa Sining?" Sabi niya, "Huwag mong ipaaninag ang liwanag kapag ang kandila ay kalahating upos na. Ipaaninag mo ito kapag ito'y talagang nagniningas pa nang husto." Tama. Sa madaling salita, kung di mo alam ang sasabihin mo, ang sabihin mo ay kung paano ang pagningas nun. Sapat na 'yun.

⁶² At kayo na mga Full Gospel Business Men ay gawin din n'yo ang ganoon. Di n'yo—di n'yo kailangang magpahapay na kailangan maging ministro muna kayo; ipatotoo n'yo kung ano mismo ang nagawa na Niya para sa inyo. Yan po ang layunin ng pagpunta n'yo rito na magbuklod-buklod, ang ipatotoo kung ano ang nagawa na Niya para sa inyo. Yan ang magpapasinag ng Liwanag sa iba para sila'y mapagningas din naman doon. Sa ganoon nasisindihan ang mga ilawan sa tabernakulo, ang sindi nung isa'y nagpapasindi sa iba; hindi taga-labas na liwanag, na panibagong liwanag; bagkus siya ring liwanag. Ibig sabihin, ang siya ring Diyos para sa lahat ng 'yun, na nagpapaaninag ng Liwanag.

Atin na pong kausapin ang dakilang May-Akda ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

⁶³ Makalangit na Ama, ang makadako po ngayon nang sama-sama sa Makalangit na mga dako: Heto, napagtatanto namin, na ito'y hindi sa gusaling panambahan; dahil di maikakatwa na ang mga Kiwanis at ang maraming iba't ibang mga grupo, ang Lions at lahat, nagtatagpo-tagpo rin naman sila sa dakong ito. Pero sa umagang ito'y isang iglesya na maituturing dahil ang mga—ang mga kinatawan ng Kaharian ay nagkakatipun-tipon na sama-sama. At dama namin, haya't, ngayon pa lang, mula sa mga patotoo't mga himno, na kami'y—kami'y may kamalayan na Narito ang dakilang Hari. Batid namin na narito Siya.

⁶⁴ At ngayon kami, bilang mga anak, sa pag-aalay namin sa Iyo ng mga papuri na mula sa aming mga labi, oh, marahil ay di maayos ang pagkakahalad, Panginoon, mangyaring dahil sa pagiging mga batang anak, pero Iyo po itong nauunawaan. Na gaano mang pagsikapan namin na gamitin ang aming—aming maayos na gawi at intelektuwal, maaaring di 'yun magmumula sa puso, na kung anong bagay lang 'yun na artipisyal na para maipakita lang. Pero heto nga na kapag kami, kung mula sa aming puso, ang pag-aalay namin sa Iyo ng mga pagsamba na naroon para sa Iyo, nakatitiyak po ako na ito'y tatanggapin.

⁶⁵ Ngayon idinadalangin namin na Iyo pong sadyang bigkisin kami ng tali ng Espiritu Santo, pagbuklod-buklurin ang aming mga puso na magpisan na sama-sama, at mangusap sa amin sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.

66 Iyo pong pagpalain ang munting sangay na ito, Panginoon, pagkalooban ng kalakasan. “Ako na Panginoon ang nagtanim nito, Akin itong didiligan araw at gabi, na anupa’t wala ritong makaaagaw mula sa Aking kamay.” Dalangin ko, Panginoon, bilang Iyong lingkod, na pagpalain Mo sila. Pagtibayin Mo po sila, Panginoon, alang-alang sa Kaharian.

67 Iyo pong pagpalain ang bawat iglesya na kinakatawan sa dakong ito sa umagang ito, at ang bawat indibiduwal. At kung mayroon mang ilan sa dakong ito sa umagang ito na—na di pa tunay na naliligtas, dalangin ko—dalangin ko, Diyos, na ito na mismo ang maging oras na mapagtanto nila na sila’y walang kasapatan para kaharapin ang kamatayan, nang sa gayon ay matanggap nila ang—ang kaloob na Walang Hanggang Buhay sa pamamagitan ni Jesus Cristo na Iyong Anak. Sapagkat amin po itong hinihiling sa Kanyang Pangalan. Amen.

68 Ngayon, sa mga pagtitipon, sa palagay ko’y nakapangaral na ako sa inyo nang puspusan at lahat na, sa mga pagtitipon, kaya di ako ngayon tatalakay, mangangaral ng pangangaral. At iniisip ko rin na di naman tama na magdaos ng isang—isang pagtitipon na hindi binabasa ang Salita, at mangungusap nang kaunti sa Salita. Kaya heto po na pumili ako mula sa Salita rito, ng isang—isang munting pagsasadula lang, isang munting kuwento. Ilan sa inyo, naipangusap ko na ito nang dalawa o tatlong beses na, pero sa palagay ko naman ay mainam pa rin itong mapakinggan, na makikinig kayo sa akin nang kaunti sa bagay na ito.

69 Ako po’y—ako po’y babasa mula sa Aklat ni San Lucas, sa ika-19 na kabanata, sisimulan sa unang talata. Medyo kakaiba ang munting teksto na ito, kung iisipin na babagay ba sa lugar na ito na maipangusap ito. Pero hayan nga’t ang buong Salita ay kinasihan, umaangkop sa posisyon Nito, at nagtitiwala ako na kukunin ng Diyos ang Salitang ito at ilalapat Ito nang tama kung saan Ito nararapat sa umagang ito.

. . . si Jesus ay pumasok at nagdaan sa Jerico.

. . . narito, isang lalake na tinatawag sa pangalang Zaqueo, at siya’y isang puno ng mga maniningil ng buwis, at siya’y mayaman.

At pinagpipilitan niyang makita si Jesus kung sino—sino kaya siya; . . .

70 Hayaan n’yong basahin ko po itong muli, dahil gusto kong bigyan ng diin ito.

At pinagpipilitan niyang makita si Jesus kung sino kaya siya; at kanyang di mapangyari dahil sa maraming tao, o sapagka’t siya’y pandak.

At tumakbo siya sa unahan, at umakyat sa isang punong kahoy na sikomoro upang makita siya: sapagka’t siya’y magdaraan sa daang yaon.

At nang dumating si Jesus sa dakong yaon, ay siya'y tumingala, at nakita siya, at sinabi sa kaniya, Zaqueo, magmadali ka, . . . bumaba ka; sapagka't ngayo'y kinakailangang ako'y tumuloy sa bahay mo.

71 Idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagbasa Nito, ng Kanyang Salita.

72 Itong lalaking ito, munting tauhan, ang tagpo natin ay magbubukas sa—sa Jerico. Ngayon, ang Jerico ang pinaka mababang siyudad sa—sa Palestina, at naroon 'yun sa may lambak. At—at ang Jerusalem ay naroon naman sa—sa bundok, sa itaas ng burol.

73 At kung mapapansin n'yo, si Jesus, noong maparito Siya sa lupa, ibinigay sa Kanya, sa kalagitnaan ng mga tao, ang pinaka mababang pangalan na maibibigay. Sa pagparito Niya, haya't Siya raw si "Beelzebub," haya't 'yun ang pinaka masamang pangalan na maibabansag nila sa Kanya, 'yun nga'y, "diyablo, manghuhula, masamang espiritu." Pinaparatangan nila ang Kanyang gawa na masamang espiritu raw. Haya't ang iglesya na di handa noon, para tanggapin Siya, binigyan nila Siya ng kakila-kilabot na pangalan, "Beelzebub."

74 At pumarito Siya noon, sa pinakamababang kapanganakan na maaaring maipanganak, sa pamamagitan ng isang pobreng nanay, ni wala man lang dako na mahihigaan sana para—para isilang ang sanggol na ito. At 'yung basahan Niyang lampin, gaya nga ng pagkakakuwento sa atin, ay dun hinugot mula sa pamatok ng isang baka, na 'yun ang ipinambalot nila sa Kanya, doon sa may sabsaban, sa mabahong sabsaban, sa mismong pinagdudumihan sa loob ng sabsaban. At 'yung sabsaban ay di man lang disentang sabsaban; munting kuweba lang sa gilid ng burol.

75 At nakiugnay Siya sa pinaka mababa, pinaka mahirap na mga tao. At tinanggihan Siya ng pinaka matataas sa sosyedad. Tinanggihan Siya ng Kanyang Sariling bayan, ang dapat sana'y nakilala Siya ng iglesya, pero di nila nakilala. Hindi kasi sila napaghusay sa Salita, para makilala sana Siya.

76 At natagpuan natin muli na nagpunta Siya roon sa pinaka mababang siyudad sa Palestina, ang Jerico. Di ko lang maalala kung ilang talampakang mababa 'yun sa lebel ng dagat, haya't mababa talaga. Ibinaba Niya nang husto ang Sarili Niya na anupa't 'yung pinaka maliit na tao sa siyudad ay kinailangan nitong umakyat ng puno para tingnan Siya papaba.

77 Pero ganoon nga ang pagtingin ng sanlibutan sa Kanya. Ipinataw nila sa Kanya ang pinaka masaklap, na mabigat na kamatayan na maaaring kamatayan ng kung sinong tao; Siya'y namatay na isang kriminal. Haya't pinaka kahiya-hiya mismo ang pagpatay sa Kanya, hinapak ang lahat-lahat Niyang damit mula sa Kanya; at, mangyaring, kapag nakakakita kayo ng mga

rebulto, at kung ano pa, may kapirasong tela na nakabalot sa Kanya. “Pero niwalang bahala Niya ang kahihyan.” Hinapak nila ng lahat-lahat ng Kanyang damit mula sa Kanya, ipinako Siya sa isang krus, pinahiya. Pinaka mababa’t, pinaka mabigat na kamatayan na maipapataw, haya’t ipinataw nila sa Kanya. At ganoon kasi ang pag-iisip ng sanlibutan sa Kanya.

⁷⁸ Pero ganoon na lamang ang tingin sa Kanya ng Diyos na haya’t ibinigay Niya sa Kanya ang isang Pangalan na pinaka mataas sa bawat pangalan na maipapangalan sa Kalangitan o lupa man. Siya po’y itinaas nang lubos-lubos, na ang Kanyang luklukan ay lubos-lubos ang kataasan, anupa’t kinakailangan Niyang tumunghay pababa para matanaw ang Langit. Ganoon ang tingin sa Kanya ng Diyos. Sigurado ako na ganoon din ang ating pagtingin sa umagang ito, siyanga rin. Yun nga’y mas mataas pa sa bawat pangalan, mataas pa sa bawat pangalan na maipapangalan. Anupa’t ang buong pamilya sa Langit at lupa ay pinangalanang “Jesus.” At sa pamamagitan ng Pangalan na ito, bawat—bawat tuhod ay luluhod mismo, at bawat dila ay ipapahayag Ito.

⁷⁹ Haya’t si Zaqueo ay isang—isang negosyante sa siyudad ng Jerico. At di naman din maikakaila na siya’y—siya’y mainam na tao sa sarili niya. Siya—siya ay, sabihin na lang natin, na sa tingin ko, mainam din naman siya, kaanib siya sa kung anong simbahan, sa isa sa mga denominasyon nung panahon niya. Sabihin na lang natin na isa siyang Fariseo.

⁸⁰ At siya, hayan nga’t, di siya sumasang-ayon sa pananaw ng kanyang maybahay. Sabihin na lang natin na ang pangalan ng maybahay niya ay Rebekah. At di talaga siya sumasang-ayon sa pananaw ng kanyang maybahay, dahil ang maybahay niya’y naniniwala kay Jesus. Naniniwala ang maybahay niya na si Jesus ay kung ano mismo Siya, ang Mesiyas, dahil nakita niya Siya na ginagawa mismo ang tanda ng Mesiyas. Ang babae, sa pagiging Hebreo niya; ang mga Hebreo’y nakamasid sa mga tanda’t mga propeta, dahil ’yun ang kanilang mensahero. Yun ang dahilan kung bakit di nila mapapalampas na makilala Siya, dahil Siya nga’y darating, “na Anak ng tao.”

⁸¹ Basahin n’yo pa ang ibang bahagi ng pakikipag-ugnay rito kay Zaqueo: “Sapagkat ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala. Siya ang Anak ni Abraham.”

⁸² Noong, akusahan nila Siya na kesyo nakikisama sa mga makasalanan. Mangyaring ang dapat sana’y naunawaan nila ’yun, pero hindi. Tangan-tangan kasi nila ’yung teolohiya nila ng—ng kailangan mamuhay nang mabait at maging mabuting mamamayan, at kung ano pa, pero di nila naunawaan kung ano ba talaga ang kanilang magiging Mesiyas.

⁸³ Alam n’yo ba na maaaring maulit ’yan muli? Maaari ngang mangyari ’yan nang ganoon-ganoon na lang, na puwede natin

itong maunawaan nang mali sa kung anong paraan. Ngayon may isang paraan lang para makasigurado, 'yun ay, ang alamin kung ano Siya. Mangyaring, ang sinasabi ng Kasulatan, "Siya'y siya pa rin." Saliksikin n'yo nga kung papaano Niya ihahayag ang Sarili Niya sa huling panahon. Nakasulat 'yun. Kita n'yo, hindi Niya gagawin ang anupamang bagay maliban na ihayag Niya muna 'yun. Sinabi Niya 'yun mismo sa Kasulatan, "Wala Siyang ibang gagawin, maliban sa Kanyang pagpapahayag sa Kanyang mga lingkod na mga propeta." At Kanya na Itong naihayag. At *Ito* ang Kanyang propeta, *Ito* ay isang Aklat ng propesiya, *Ito* ang kumpletong kapahayagan ni Jesus Cristo, dulo sa dulo. Walang maidadagdag, o maibabawas mula Rito. At kinakailangan nating saliksikin *Ito* at makita kung anong panahon na tayo nabubuhay, dahil baka mahulog tayo sa siya ring bitag na 'yun.

⁸⁴ Kaya heto't nakita natin na nung panahon na 'yun, na itong si Zaqueo, itong munting tauhan natin sa umagang ito, itong negosyanteng ito ng—ng Jerico, tayo. . .siguro'y miyembro pa siya ng Kiwanis, kung may ganoon na noon, o kung ano ang naroon na kapareho ang estado nun. Siya—siya po marahil ay miyembro ng kung anong sikat na kapisanan doon, doon sa Jerico. Hindi maikakaila, talagang katangi-tanging tao nung kanyang—kanyang panahon, at kaanib siya sa iglesya.

⁸⁵ Pero ang masamang bagay na natunghayan natin, haya't pumanig siya sa modernong opinyon, sa popular na opinyon, patungkol kay Jesus. At samantalang si Jesus ang Salita; at ang Salita, na nahayag, ay si Jesus. Kita n'yo? At mangyaring pumanig siya roon sa—sa panig ng popular na opinyon na si Jesus daw ay di naman talaga propeta, na Siya'y kung sino lang na—na—na. . .Ayaw ko po sanang sabihin ang salita na ito, gaya ng tawag natin dito sa panahon ngayon, pusoy-pusuyan, na kung anong pagkukunwari lang.

⁸⁶ Pero, nakita n'yo, kayang-kaya nga ni Satanas na gayahin 'yun nang animo'y 'yun na 'yun talaga na anupa't mahirap malaman kung alin ang tama o mali. Sinabi ni Jesus na ganoon ang mangyayari sa huling mga araw, puno ng panggagaya, na katulad ni Janes at Jambres na kumalaban kay Moises.

⁸⁷ Alalahanin n'yo, 'yung dalawang lalaki na 'yun ay kayang-kaya nilang gawin ang anuman na gagawin nina Moises at—at Aaron. Pero ang tanging bagay na may kapahayagan si Moises, at siya nga'y napatotohanan. . .Buweno, di siya naparoon, sina Janes at Jambres, para ilabas nila ang mga alipin. Si Moises ang pumaroon sa Pangalan ng Panginoon, para ilabas ang mga alipin, kita n'yo, dahil 'yun mismo ang nasusulat. Sinabi nila kay Abraham, "Ang iyong binhi ay magiging taga-ibang bayan nang apatnaraang taon, subalit Akin silang ilalabas." Kaya si Moises ay may GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Pero magagawa nga nilang gayahin ang anumang kaloob na kaya

nilang magaya't magawa. Yamang nalalaman nila ito, hindi nila inalintana ang mga gumagaya, nanatili sila mismo roon sa Salita. Diyos ang nagpatunay sa huli.

⁸⁸ At alam n'yo ba na sinabi Niya na ganoon ang mangyayari sa huling mga araw, "Kung papaanong sina Janes at Jambres ay kumalaban noon kay Moises, gayundin ang mga taong ito na mahalay ang pag-iisip, laban sa Katotohanan." Ganoon nga, kita n'yo, haya't mga pangagaya mismo. Kaya talagang nililito nito ang mga tao.

⁸⁹ Kung minsan napagsasalitaan mo sila nang malakas, pero haya't di nga—di nga 'yun dahil sa di mo sila gusto. Dahil nga 'yun sa may malasakit ka sa kanila.

⁹⁰ Ano kaya kung may, 'yung anak n'yong lalaki na maliit pa ay nandun mismo sa gitna ng kalsada, at paglabas mo dun haya't sasabihin mo kaya, "Bunso, anak, sa tingin ko huwag ka dapat diyan"; aba baka sabihin pa niya, "umalis kayo't huwag kayong makialam"? Ang ibibigay n'yo nga sa kanya'y . . . Ano na nga uli 'yung tawag dun, katulad nung ibinibigay sa akin ng tatay ko? Isang posterior protoplasm stimulation. Ganun po ba, ganun po ba ang bigkas dun? Yun ang kailangan nung bata.

⁹¹ At kaya 'yun ang dapat ibigay minsan sa iglesya; di dahil sa di n'yo gusto si Bunso, kundi dahil sa may tunay na malasakit kayo kay Bunso. Kita n'yo? Ang pag-ibig ay nagwawasto.

⁹² Haya't, si Jesus ay di masama sa kanila. Iniibig Niya sila, at kinakailangan Niyang iwasto sila.

⁹³ Heto nga't nasumpungan natin ang maliit na lalaking ito at si Rebekah, na kanyang maybahay. At ang babae ay naniniwala na Siya'y isang propeta, ang Propeta. Daan-daang taon silang walang propeta. Alam nila na ang kasunod na lilitaw sa eksena, ang kasunod na tunay na propeta, ay Siya na. Kita n'yo, alam nila na darating at darating 'yun, dahil naipropesiya na 'yun. Hayan nga't ang mga propeta'y lumubay, at pagkatapos Siya'y dumating sa eksena. At nakita ng babae ang tanda ng pagka-Mesiyas, at batid niya na 'yun nga ang Salita. Kita n'yo, kanya mismong nasaliksik 'yun.

⁹⁴ Heto't ang pagsasadula natin ay magsisimula rito. Yung gabing 'yun ay marahil masama para sa munting lalaking ito. Gabi 'yun ng bagabag, haya't di siya makatulog. Siya'y—siya'y pagulong-gulong, sa unan niya, buong gabi. Marami sa atin ang alam ang ganyang klaseng mga gabi.

⁹⁵ Kita n'yo, alam ni Rebekah. May koneksyon siya sa mga alagad, at iba pa. Alam niya na si Jesus ay magtutungo roon sa siyudad sa kasunod na umaga. At ganoon na lang ang interes niya na ang kanyang—kanyang asawang lalaki, na gusto niya mismong maiharap siya nang harap-harapan kay Jesus. At ang isang tao kasi kung tatayo siya nang harap-harapan sa Kanya, may kung anong bagay na naibubunsod 'yun sa'yo. Siya kasi'y di

basta kung sinong tao. Naiiba Siya. At hinahangad nung babae na ang asawa niya'y makita Siya, makita ang gawa Niya, at mapagtanto na Siya mismo ang Mesiyas. Gayong, nasabi na nung mga saserdote't iba pa roon, "Wala namang mapapala riyon. Peke 'yan. Isa lang—isa lang 'yang kunwa-kunwarian." Pero ang babae'y naniwala, kaya hayun siya't nananalangin.

⁹⁶ Ngayon, Rebekah, kung may paghahangad po kayo na ang negosyante n'yong, si Zaqueo, ay maiharap mismo sa harapan ni Jesus, magsimula kayong manalangin, mababagabag siya.

⁹⁷ Mangyaring palapit na nang palapit ang oras, haya't, 'yung kasunod na umaga, si Jesus ay magdaraan sa daang yaon. Kaya buong magdamag na 'yung lalaki'y di mapakali dun sa higaan, at siya'y balisang-balisa talaga. At ang babae, nakahiga roon, nananalangin. At di nga maikakaila na nung gabing 'yun, nung paggising nila, sabi nung babae, "Salamat sa Iyo, Panginoon, alam ko na may ginagawa Kang pagkilos sa kanya."

⁹⁸ Ngayon kapag nakikita n'yo nang ang Zaqueo n'yo ay di mapakali, sabihin n'yo lang, "Salamat sa Iyo, Panginoon, Ikaw po'y gumagawa na talaga ng pagkilos sa kanya ngayon." Kapag nakikita n'yo siyang iritable na talaga, na pinagbabawalan na kayong magpunta roon sa simbahan kahit kailan, kita n'yo, "Lumayo ka sa mga taong 'yan! Huwag na huwag ka nang magpupunta dun kahit kailan! Wala namang kuwenta Yan!" Konting tiis na lang. Ang Diyos ay kumikilos, kita n'yo. Ganun ang pamamaraan Niya ng paggawa rito, kita n'yo. Yung tao nga'y mababagabag nang husto na di na niya matiis 'yun.

⁹⁹ Heto nga't nasumpungan natin, nung sumunod na umaga, sobrang aga pa, itong munti nating tauhan ay tumayo na mula sa higaan at bumaling na roon at nag-ayos na ng sarili niya't isinuot ang pinaka mainam niyang damit, alam n'yo, 'yung pinaka mainam niyang balabal na mayroon siya, at inayos ang balbas niya at sinuklay ang buhok niya. At sinilip nga siya ni Rebekah na naroon pa noon sa ilalim ng kumot at nakita niya ang asawa niyang lalaki. Alam niya na nung mga oras na 'yun ay may kung anong bagay na nangyayari. Heto't pasimpleng dumungaw ang lalaki dun sa may bintana, at tumingin pa nga't tiningnan kung nakatingin kaya ang asawa niyang babae, kung gising ba. Hindi, tulog pa, 'yun ang naisip niya. Itinaas niya ang kurtina't tumingin, at mag-uumaga na noon, kaya inihanda na niya ang sarili niya.

¹⁰⁰ Kita n'yo, kapag mananalangin kayo para sa isang tao, may bagay na mangyayari't mangyayari. Doon nga tayo nabibigo, mga kaibigan, sa di pananalangin. Pananalangin pa naman ang pinaka importanteng susi. "Humiling at inyong matatanggap. Hindi kayo tumatanggap dahil di kayo humihiling; di kayo humihiling dahil di kayo sumasampalataya. Humiling kayo nang sagana, nang sa gayon ang inyong kagalakan ay mapuno.

Humiling at manampalataya na natanggap n'yo na ang bagay na hinihiling n'yo." Pagkatapos manghawakan dun. Huwag na huwag n'yong bibitawan. Kung pangako 'yun na nasa Biblia, at ipinahayag 'yun sa inyo na ipagkakaloob 'yun sa inyo ng Diyos, panghawakan n'yo.

¹⁰¹ Ganoon niya 'yun—niya 'yun nakamit. Nahayag sa kanya na ang Zaqueo niya ay maliligtas, kaya pinanghawakan niya.

¹⁰² Tapos nung palabas na siya sa may pintuan, ang sabi nung babae, "Zaqueo, bakit parang masyadong maaga ang gising mo ngayong umaga?"

¹⁰³ "Oh," sabi niya, "mahal, naisip ko lang na ako, uh, uh. . ." Alam n'yo, puwede n'yong ibigay ang lahat ng uri ng palusot, Zaqueo. "Naisip ko lang na mainam siguro kung maglalakad-lakad ako sa labas at lalanghap ng—lalanghap ng sariwang hangin. Alam mo, siguro'y. . ." Mag-aayos ba siya nang ganoon para lang sa ganoong bagay, alam n'yo? At alam naman ng babae na may kung ano.

¹⁰⁴ Kaya hayun nga na lumakad na siya palabas, lumingon pa sa bahay nila, alam n'yo, habang papalabas siya sa kalsada, tumingin pa sa likod. Yung babae'y nakasilip dun sa uwang, alam n'yo, nakatingin kung anong gagawin nito. Alam na niya nung mga sandaling 'yun. Lumuhod ang babae, sabi, "Salamat sa Iyo, Panginoon. Nanampalataya ako na lutas na't tapos na ang lahat. Naibunsod natin na kumilos siya."

¹⁰⁵ Kaya kung naipabunsod n'yo ang inyong Zaqueo na siya'y magtungo dito sa pagtitipon sa umagang ito, siya'y kumikilos na. Nakaupo na siya marahil sa dako rito, kaya may pagkilos na sa kanya. Naibunsod natin na kumilos siya nang ganoong pag-usad, ano't anuman.

¹⁰⁶ Kaya lumabas na 'yung lalaki, patingin-tingin sa likod, tinitingnan kung may nakamasid sa kanya, alam n'yo. Sabi niya, "Ngayon, alam n'yo ba kung anong gagawin ko?" Sige po't bumaling naman tayo dun sa iniisip niya ngayon. "Ang asawa kong babae'y napapaniwala, sa naturingan lang na, Propeta ng Galilea; gayong, ang aking—ang aking saserdote't pastor ay sinasabi sa akin, 'Walang ganyan sa mga panahong ito. Lahat ng mga himala't mga bagay-bagay ay kung anong panlilinlang lang. Walang mapapala dun.' Alam n'yo ba kung anong gagawin ko? Magpupunta nga ako roon at sasabihin ko sa Kanya ang saloobin ko. Haya't, ibubunsod nga nun na ako'y maging katangi-tanging bida sa siyudad na ito, makikita n'yo, kapag nasabihan ko na Siya, nang harap-harapan Niya. Yun nga ang gagawin ko." Kaya lumakad na siya.

¹⁰⁷ Sabi, "Ngayon dun siya sa timog na bahagi papasok, hindi, o dun sa hilagang bahagi pala, manggagaling ng Jerusalem, Siya, mula Dan patungong Beer-sheba, magtungo rito." Sabi, "Aking—aking—aking. . .Manggagaling nga Siya ng Jerusalem,

kaya dun ako—dun ako sa pintuang-bayan sa hilaga pupunta. Sasalubungin ko Siya pagdating Niya. At tatayo ako roon at tititigan ko Siyang maigi, at pagsasabihan ko Siya ng kung ano ang nasa saloobin ko.”

¹⁰⁸ Oh, gaanong karaming Zaqueo ang mayroon sa panahong ito, na ang sinasabi patungkol kay Jesus sa pagtitipon, “Haya’t puro holy-roller lang ’yan. Walang mapapala. Kapag nakita ko ang Tao na ’yan, ganoon nga ang gagawin ko!” Kita n’yo?

¹⁰⁹ Kaya pumaroon na siya sa may pintuang-bayan. Pero ang kakatwang bagay po, alam n’yo. . . Inisip na niya na pupuwesto siya sa pinakamainam na puwesto dun sa may pintuang-bayan, sasabihin niya sa Kanya na isa siyang negosyante; na kasapi siya sa—sa Kiwanis, siya’y—siya’y kasapi sa mga asosasyon at—at lahat ng—ng sororidad ng siyudad. Na siya, siya’y isa—siya’y isa sa mga opisyal dun, at katangi-tangi siya at ginagalang. Isa siyang disentang mamamayan. At kung tutuusin gusto niyang sabihin sa Kanya na di na Niya kailangang magpunta dun sa bayan na ’yun, dahil napaka rami na nilang mga mangangaral at napaka rami ring mga kaiglesyahan, di nila kailangan ang Kanyang pangangaral sa lugar na ’yun. Kaya lumakad na siya nang may pagmamalaki sa may kalsada, at ’yung munti niyang dibdib ay nakaliyad pa, alam n’yo. At, oh, naku! Ano? Hayan nga’t, baka gawin pa siyang diyakono nung rabi kung gagawa nga sila ng bagay na tulad nun. Kaya nagtungo na siya roon sa may pintuang-bayan.

¹¹⁰ Pero ang kakatwang bagay nga. Buweno, alam n’yo, na sa kung anong kadahilana’y may bagay na kakaiba, haya’t, saan man—saan man magpunta si Jesus, may ilan at ilan na naroon para makinig sa kanya. Kita n’yo? At bago siya makasapit dun, siya—siya nga’y nakarinig ng pagkakaingay. At nagsisiawitan sila dun ng lahat ng sari-saring mga kanta, at—at, “Luwalhati sa Diyos ng Kaitaas-taasan,” at hayun nga roon ang lahat ng maiinam na mga himnong ito na inaaawit nila, at may paghiyaw at pagsigaw. Hindi ba’t kakatwa, na saan man naroon si Jesus, lagi pong may malakas na pagkakaingay sa tuwina? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kita n’yo? Sadyang. . .

¹¹¹ Alam n’yo, pumasok Siya minsan sa templo at. . . o isang araw, doon, sa may Jerusalem, pala, at nung pumasok na Siya, ang mga tao’y bumali ng mga palmera, at naghihiyaw. At doon din ay nakatayo sila, na magagaling na mga propesor ng mga sosyedad at mga bagay-bagay, at mga saserdote, at ang sabi, “Patahimikin Mo naman sila.”

¹¹² Ang sabi Niya, “Kung mananahimik sila, ang mga bato ang magsisihiyawan dali-dali.” Kita n’yo, may paghihiyawan kapag Siya ay naroon. Ganoon nga.

¹¹³ Alam n’yo, noong araw kapag si Aaron ay papasok dun sa Shekinah, sa harapan ng Shekinah, siya nga’y kinakailangan

na mapahiran, at siya'y may . . . 'yung damit niya ay dapat may nakasabit na prutas na granada't isang kampanilya. At 'yun lang kasi ang tanging paraan para malaman nila na si Aaron ay buhay pa, kapag naririnig nila 'yung ingay. At heto na iniisip ko na 'yun lang ang tanging paraan para malaman ng Diyos kung tayo ba'y buhay o hindi, kapag may maririnig kayo na pagkakaingay. Sa ganoon n'yo malalaman ang patay, kung may bagay na nangyari dun. Kaya sa ganoon nila nalalaman kung siya'y buhay pa o hindi na, sa pamamagitan mismo nung ingay na nalilikha.

¹¹⁴ Kaya hayun na nga't narinig ni Zaqueo ang lahat ng pag-iingat na 'yun dun. At kaya nung pagsapit niya roon, 'yung pintuang-bayan ay punung-puno ng mga tao, haya't abot pa mismo sa mga pader, at lahat. At siya'y maliit lang na tao, kung tutuusin, kaya naisip niya, "Paano ko Siya makikita? Tiyak na maraming mga holy-roller ang aaligid sa palibot Niya, na hindi ko—hindi ko Siya makikita. Kaya mabuti pa," sabi, "Alam ko naman sa sarili ko, na di ko Siya makikita rito, dahil napaka liit ko.

¹¹⁵ "Pero alam ko na magpupunta Siya roon sa kalaban ko sa pagnenegosyo na—na dun Siya manananghalian. Kaya di ko lubos makita, kung tunay na Siya'y Lalaki na nakakaangat ang pag-iisip, dun Siya sa lugar ko magpupunta sana, sa restawran ko. Pero magpupunta Siya roon kina Lavinski." O, haya't wala po sanang Lavinski rito. "Kaya, pero ganoon talaga, dun Siya sa restawran ng kalaban ko pupunta. At, kung tutuusin, mas masarap naman 'yung inihahain kong pagkain, at—at bakit kaya ang Taong gaya nun . . . at si Rebekah pa nga'y miyembro dun sa iglesya Niya, at pagkatapos magpupunta Siya sa lugar na gaya nun?"

¹¹⁶ Buweno, sabi niya, "Alam ko na, magpupunta ako roon sa pinagkrukuran ng Hallelujah Avenue at Kalye Kaluwalhatian. Dadaan Siya sa gawing yaon." Siyanga. "Doon mismo, sa kalye ng siyudad, kung saan nagkrukuran ang Hallelujah Avenue at Kalye Kaluwalhatian." Masusumpungan at masusumpungan n'yo Siya sa tuwina sa dakong 'yun.

¹¹⁷ Kaya iniwan niya 'yung siksikan ng mga taong naroon at nagmadali siya sa dakong 'yun, at sa isip-isip niya nung mga sandaling 'yun, hayan pa nga't maayos ang porma niya, at sabi, "Ngayon kapag dadaan Siya sa panulukang ito, sasabihin ko sa Kanya, sasabihin ko talaga sa Kanya ang saloobin ko. Dadaan Siya sa gawing ito, kaya aking—aking—aking. . . kapag dumaan Siya." Tapos bigla niyang naisip. "Naku pala, baka sumunod naman sa Kanya 'yung madla."

¹¹⁸ Sa tuwina nga ang pagsunod nila. "Kung saan naroon ang sariwang karne, doon nagkakatipon ang mga agila." Hindi ang mga manok, na ibong panglupa lang. Yung agila na panglangit ang nagkakatipon sa sariwang karne. Yung manok ay pinsan-

pinsan niya, alam n'yo, 'yung manok nga'y nakaapak lang sa lupa kung saan ang mga daga't lahat ay puwede siyang kainin. Pero ang agila'y naglalagay ng pugad niya doon sa may itaas ng punongkahoy, na walang kahit ano ang makakaabot. Hindi sila magagambala ng mga insekto; mataas ang lipad nila. Ngayon, 'yung mga hayop na kumakain ng hayop at mga daga at kung anu-ano pa'y di sila magagambala, siya kasi'y isang agila. Ang gusto nila ay Pagkain ng agila. *Ito nga Iyon.*

¹¹⁹ Alam n'yo, si Jehovah ay isang agila, Mismo, at ang tawag Niya sa atin ay mga inakay na agila. Ang Kanyang mga propeta ay mga agila, tagakita.

¹²⁰ Mataas talaga ang kayang liparin ng agila, walang kahit ano pang ibang ibon ang kayang makasunod sa kanya. Hayan nga't, kung susubukan siyang sundan ng lawin, magkakalas-kalas ang katawan niya. Ganoon nga. Yan nga ang problema sa panahon ngayon, napakarami ang sumusubok na manggaya. Yun nga'y malalantad din. Lumipad ka man nang mas mataas pa, ang lahat ng mga balahibo mo'y maglalagas. Um-hum, um-hum, uh-huh. Tama. Babagsak sila sa lupa. Alalahanin n'yo, siya'y dapat isang ibon na espesyal ang pagkakayari. At ang tao na susunod sa Salitang ito ay kinakailangan na espesyal din ang pagkakayari, Diyos ang may yari, hindi ng seminaryo. Kaya makikita nga natin na kung siya . . .kung tataas pa siya nang tataas, kung di naman kakayanin ng balahibo niya na kumapit, ano ngang mabuti ang maidudulot nun sa kanya.

¹²¹ At isa pang bagay, kung siya'y tataas dun, ano nga kung tataas siya roon at bulag naman siya't di nakakakita ng ano? Kita n'yo, kinakailangan na may espesyal na mga mata rin siya (kita n'yo?), para may kamalayan siya kung ano ang ginagawa niya roon sa itaas. Ganoon po ang mga agila ng Diyos. Kung tataas ka pa nang mas mataas, mas malayo ang tanaw mo, na sa pagbalik mo haya't paunang masasabi mo kung ano mismo ang napipintong mangyari. Nauunawan n'yo po ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sa palagay ko'y nauunawaan 'yang maigi ng itim na kapatid na lalaki na narito sa umagang ito, kita n'yo. Ngayon pansinin.

¹²² Tapos nakita natin 'yung sinabi niya, "Kung tatayo naman ako rito, 'yung grupo na 'yun na nagkakaingay, aba'y di Niya maririnig ang sasabihin ko. Tuluy-tuloy ang sigawan nila't mga pagkakaingay, kaya 'yung pagsasalita ko sa Kanya ay di 'yun tatalab." Mainam 'yun. Kaya haya't ang sabi, "Pero alam n'yo kung anong mainam gawin? Sasabihin ko kung ano mismo ang gagawin ko. May puno ng sikomoro na nakatayo roon. Haya't aakyat ako roon sa itaas ng puno ng sikomoro, at sa pagdaan Niya, makikita ko Siya. Tapos magpapakita ako roon sa isa sa mga sanga na naroon, at sasabihin ko sa Kanya kung ano ang dapat kong sabihin sa Kanya. At makikilala Niya na ako si Zaqueo, miyembro ng mainam na denominasyon sa dakong ito.

Sasabihin ko sa Kanya kung saan ako kasapi at kung ano ang saloobin ng saserdote ko tungkol sa Kanya.” Buweno, ganoon nga ang naisip niyang magandang plano.

¹²³ Tumingin-tingin siya sa paligid, at naisip niya, “Ngayon, ang kasunod, haya’t ’yung unang sanga pala ay mga nasa—nasa sampung talampakan ang taas.” At nasa apat na talampakan lang ang taas niya, kaya papaano niya aakyat ang sobrang anim na talampakan? Kita n’yo? Kaya nag-isip siya ng paraan para makaakyat siya roon. Wala pong ibang paraan para siya’y makasampa roon, at kinakailangan niyang makaakyat ng puno na ’yun. Kaya tumingin-tingin siya sa buong paligid, at wala ngang naroon kundi. . . Alam n’yo, ’yung tagakolekta ng basura ay di pa dumaraan noon nung umagang ’yun, at ’yung mga lalagan ng basura ay naroon pa sa gilid. Naisip niya, “Kung magagawa ko lang na maiusog ’yung mga basurahan na ’yun dito, ako nga’y. . . may sapat na akong taas para makasampa ako dun at makakapit sa unang sanga. Pero determinado talaga ako na makita Siya. Makikita’t makikita ko Siya.”

¹²⁴ Alam n’yo, may kung anong bagay nga roon, na kung ang isang tao ay naghahangad talaga na makita si Jesus, siya nga’y dumadaan sa pinaka pambihirang mga bagay. Kita n’yo? Pero, kita n’yo, ang Diyos po’y nakikipag-ugnay sa kanya. Ano ’yun? Ang mga panalangin ni Rebekah ay nagkakaroon na ng tugon, kita n’yo.

¹²⁵ Buweno, nagpunta na siya roon. At di pa dumaraan ang tagakolekta nung umagang ’yun, at ’yung lalagan ng basura ay may kabigatan, kaya di niya ’yun mabuhat. Sobrang liit po niya. Mangyaring sinubukan niya, at di niya talaga kaya. May isang paraan lang para magawa niya, at ’yun ay yakapin niya ’yun ng mga bisig niya, para mabuhat. Pero ang ganda nga ng damit niya noon.

¹²⁶ Pero may kung anong bagay nga roon, na kung gusto mong makita si Jesus nang ganoon na lamang kagusto, gagawin at gagawin mo ang lahat. Kita n’yo? Inyong—inyong gagawin ang anupaman, kung ganoong katindi ang paghahangad n’yo na makita Siya. Kaya nagpunta na siya roon at kanyang. . . Kita n’yo, si Satanas nga’y susubok din na ilayo kayo na magawa n’yo ’yun, hayan din. Lahat-lahat, ay talagang ihahambalang niya. . . Maglalagay at maglalagay siya ng kasiraan sa daan, sa tuwina, para ilayo kayo na makita Siya. Bubulagin niya ang mga mata n’yo ng kung ano man na magagawa niya. Pero kung ganoon na lang kayong kadeterminado, ang Diyos ay gagawa ng daan para sa inyo. Dadaan na Siya sa daang ito sa umagang ito, siyanga rin. Huwag n’yong hayaan si Satanas na maglagay ng kung anong hambalang sa daan n’yo, gaya ng inyong “oras, at *ganito*, at importante kasing magawa ko na agad *ito*.” Kayo po’y maupo lang nang tahimik pansumandali.

127 Kaya heto na't bumaba siya roon, yumuko, suot-suot 'yung maganda niyang damit. Siguradong madudumihan niya nang husto ang sarili niya. Nayakap na niya 'yung lalagyan na 'yun ng basura. Nung mismong sandali na 'yun na yakap-yakap niya 'yung basurahan na 'yun at handa na sanang dalhin, heto nga na sumulpot 'yung kalaban niya sa pagnenegosyo dun sa kanto.

128 Ganoon din ito rito, Zaqueo. Ang sabi mo hindi ka sasama sa grupo na 'yan na mga holy-roller, pero heto ka nga.

129 Buweno, heto na nga't nahimpil siya roon, nakatayo yakap-yakap ang basurahan na 'yun, 'yung—'yung mukha po niya'y namula. Buweno, sabi nung kalaban, "Buweno, tingnan mo nga naman, heto si Zaqueo, 'yung may-ari nung restawran na aba't naparito yata, nagbago na yata ng trabaho. Aba't may bagong posisyon na yata siya. Buweno, alam n'yo, siya pala'y—siya pala'y. . . nagtratrabaho na para sa siyudad, tagakolekta na ng basura." Buweno, may kung anong bagay talaga roon, hayan nga, na kung determinado kayo na makita si Jesus, gagawin at gagawin n'yo ang anumang. Kumapit lang siya dun, at pulang-pula ang mukha, parang namamaga ang mukha. At hayun na siya, lumakad na't inilapag na 'yun. Tumingin siya sa paligid, ipinuwesto niya 'yun sa isang gilid.

130 Pagkatapos sumampa na siya dun sa basurahan, at dali-daling pumanhik ng puno. Uh-oh, pasensya na po, di po pala dapat 'yun ang sinabi ko. Pumanhik, alam n'yo, 'yun po'y—'yun po'y. . . Ilan sa inyo ang nakakaalam kung anong ibig sabihin ng "pumanhik sa puno"? Buweno, sige po ayos lang. Kita n'yo, sa madaling salita, umakyat siya ng puno.

131 Tapos umakyat na siya roon, at hayun na siya, naupo roon. Pinag-uusapan na rin lang 'yung gitata! Hayan ang basura na dumikit-dikit na sa kanya, ang dumi niyang tingnan.

132 At, kung minsan, sadyang hinahayaan lamang ng Diyos na magkaganoon kayo. Amen. May napakingaan po ako ngayong araw, alam n'yo 'yung bago nilang gawi? Sana di makapasok 'yung ganoon dito sa ating Pentecostal na kalipunan, gayong nakikita ko na unti-unti na 'yung nakakapasok; na dadalo lang, sige't makikipagkamay, "Tinatanggap ko—tinatanggap ko si Jesus bilang personal kong Tagapagligtas." Ang gusto ko po'y makita silang magpapakababa dun sa dambana, at mamatay, na may pagdididik, at humahagulgol, at tumutulo maging ang laway sa pag-iyak. At, alam n'yo, kapag kayo'y. . . Noon po'y may mga kabayo kami na inaalagaan, at sa tuwing pakakainin n'yo sila ng clover, 'yung tunay na may, tamis na clover, na may pulot, ang mga kabayo po'y maglalaway. Haya't kapag palapit na nang palapit kayo sa Canaan, kayo man ay maglalaway rin nang kaunti, siyanga, alam n'yo, dahil sa pagkain ng Pulot na 'yun mula sa Canaan.

¹³³ Kaya heto na't nasumpungan natin siya, na nasa ibabaw na nung puno ngayon, tinatangal 'yung basura mula sa kanyang bago pa man ding. . . Di nga niya lubos-maisip na magagawa niya 'yun. Haya't kung may mananalangin talaga para sa iyo, gagawa kayo ng kakaibang bagay. At mangyaring inaalis na niya 'yun nang *paganoon*; at may salubsob pa sa buo niyang tuhod at buo niyang kamay, nakaupo dun na binubunot niya 'yun. Sabi niya, "Buweno, kung di ba nama't nanggigitata ako! Heto't nakaupo ako rito." Sabi, "Haya't, ang sabi ni Rebekah Propeta raw ang tao na ito. Ngayon, ako—ako'y maghihintay, magtatago ako." Kaya naupo siya roon sa pinagsasalubungan ng dalawang sanga, sadya ngang mainam dun na maupo.

¹³⁴ At yamang malayo na ang napagdaanan n'yo, at narating n'yo sa umagang ito, Zaqueo, kayo po'y nakaupo, rin, kung saan nagsasalubong ang dalawang daan, ang inyo at ang sa Diyos. Kita n'yo? Nung itambad n'yo ang sarili n'yo nang husto para lumabas at makapunta rito sa umagang ito, buweno, ang mga pananalangin nga ni Rebekah ay matutugunan na. Pero hayan nga kayong nakaupo sa pinagsasalubungan ng dalawang daan ngayon, ang daan n'yo at ang sa Diyos. Kita n'yo?

¹³⁵ At nakaupo nga siya roon, at sa isip-isip niya, "Ang sabi ng maybahay ko, 'Siya ay isang propeta.' Lahat nitong, 'May kakayahan Siyang talusin ang pag-iisip sa mga puso ng mga tao, at ihayag 'yun sa kanila, at sabihin sa kanila kung ano ba ang suliranin sa kanila.' At, oh, 'yun ding 'Natanael, pumaroon at sinabi sa kanya na siya'y nasa ilalim ng puno sa isang dako.' Naku, ako pa't di ko sasayangin ang pagkakataon kong ito. Tatakpan ko ang sarili ko, dito sa ibabaw ng puno. Mangyaring nasa puno rin ako, siyanga. At heto nga na di ako naniniwala na propeta talaga Siya, siyanga. Di ko talaga mapaniwalaan, dahil sinasabi sa akin ng mga saserdote ko na wala naman talagang ganoon na mga propeta raw. Ni wala kaming ganoon nang daan-daang taon."

¹³⁶ Hayan nga't, sige po't, nauunawaan n'yo naman na nagsasa dula lang po ako rito, para magbigay ng punto.

¹³⁷ Kaya hayun na't tinipon niya 'yung mga sanga at hinatak niya papunta sa kanya, sa buong palibot niya, para ikubli nang husto ang sarili niya. Sabi, "Ngayon sa pagsapit niya diyan sa Hallelujah Avenue, mula Hallelujah, liliko sa Kaluwalhatian. Kaya diyan nga sa kanto, sa pagsapit Niya sa gawi ryan, sa pagliko Niya sa may panulukan, mag-iiwan lang ako ng isang malaking dahon na siwang dito, para mabantayan ko't makita Siya. Itatkip ko lang. Di Niya ako makikita, hindi sa ganitong kataas. At kapag dumaan na Siya, at titingnan ko nga Siyang maigi, alam n'yo ba ang gagawin ko? Hahawiin ko ang mga sanga na ito, at pagkatapos na makalampas Siya rito, sasabihin ko talaga sa Kanya ang saloobin ko. Sasabihin ko ang tungkol dun sa Kanya." Kaya naupo na siya roon nang kaunti.

¹³⁸ Mga ilang saglit lang nakarinig na siya ng pagkaka-ingay. Kalimitan nga'y dumarating si Jesus kalakip ang pagkaka-ingay na tulad nun. Kaya heto na't sumapit na Siya sa may kanto. Kaya, siya, ano 'yung una niyang nasumpungan dun? Laksa-laksa ng mga tao na nagkakatipon sa kalsada. Sabi niya, "Buti nama't narito ako sa ibabaw ng punong ito, para di ako mahalo sa kanila dun." Kaya hayun siya sa ibabaw ng puno, nakaupo dun, talagang tagong-tago, para walang makakilala sa kanya, di malalaman maging ng mga kalaban niya sa negosyo na nandun pala siya sa may ibabaw ng punong 'yun ngayon. Mangyaring may isang dahon siya roon na hinahawi at para makasilip, at ipantatakip uli, at maitatago na siya nang buo. Haya't iniangat niya 'yung dahon na 'yun, at ang mga tao'y nagkakatipon dun sa may panulukan.

¹³⁹ At, alam n'yo, hayun nga roon si G. Jones dala ang anak niya na may sakit. Mangyaring naulinigan niya 'yung—'yung saserdote at 'yung doktor, doon mismo sa restawran niya, na pinag-uusapan nila ang bagay na 'yun nung isang araw, na, "Yung bata'y mamamatay na talaga, may lagnat na di kayang mapahupa ng doktor, at wala ngang kahit ano para pahupain 'yun. At 'yung bata ay bawal na bawal ilabas ng bahay. Pero heto nga, 'yung," nandun mismo 'yung kustomer niya, "anupa't naging panatiko na yata na dinala't inilabas niya 'yung bata sa malamig pa man ding hangin ng Marso. At hayun nga na balot na balot ito ng kumot, 'yung munting bata na sampung taong gulang lang yata. Grabeng kapanatikuhan! Kapag magpupunta uli ang lalaking 'yan sa restawran ko, patay na noon ang bata, siyempre naman; sasabihin ko sa kanya, sasabihin ko talaga sa kanya ang saloobin ko!"

¹⁴⁰ Paglaon tumindi nang tumindi ang pagkaka-ingay, at lahat sila'y nagsisitakbuan sa kalsada. Unang-una ngang natanaw sa kanto ng Hallelujah Avenue, sa kanto ng Kaluwalhatian; nung paliko na sila dun sa kalsada, masusumpungan natin, ang isang malaki't matipuno ang pangangatawan na mangingisda na kalbo na't, ang pangalan ay Simon, na sinasabi, "Maaari ba kayong magsitabi, mga kababayan?" Tapos heto ring kasunod ang labing-isa pa sa likuran niya, sinasabi, "Kung maaari po, sige po, tumabi-tabi lang kayo sa daan. Ang Panginoon nami'y nagdaos ng matinding gawain kagabi, at—at may ilang bisa na umalis sa Kanya, at maraming mga pangitain ang nangyari. At Siya po'y pagod na pagod ngayong umaga, at Siya'y—Siya'y—Siya'y mag-aagahan. Maaari po bang tumabi-tabi kayo, kung mamarapatin n'yo?"

¹⁴¹ At hayun na ang pamilya Jones na sumulpot dun, dala-dala 'yung bata. At 'yung malaking mangingisda, at ang ilan pa sa kanila, ang sabi, "Tumabi lang po kayo, kung maaari, sige na po." "Buweno, dala po namin ang anak namin dito na kung walang mangyayari'y tuluyang mamamatay siya. Sinukuan na

siya ng mga doktor. Maaari n'yo po bang pagbigyan kami na kahit patungan lang ang bata ng kamay. . .”

142 “Pasensya na po. Lahat ng mga tao rito’y nagnanais ng ganyan, kaya di ko—di ko magagawa. Mabuti pong tumabi na lang kayo, sa gilid lang po. Parating na Siya ngayon. Maaari po bang tumabi kayo sa daan?”

143 Kaya heto’t nakikinita ko, ’yung munting nanonood, dun sa mataas na dako na kinalalagyan niya, sa puno, pamasid-masid, at nakita niya si G. Jones at Gng. Jones na lumuhod na mismo, sa laksa-laksa na mga naroon, sinasabi, “Panginoong Diyos, huwag Mo po akong lampasan. Oh mabining Tagapagligtas, Iyong dinggin ang aking pananambitan. Habang sa iba Ikaw ay nananawagan, Iyo po akong huwag lalampasan.”

144 At nung mapadaan Siya roon, huminto Siya, at sabi, “G. Jones, maaari mo bang dalhin ang anak mo rito?” Mangyaring dun pa lang ay kapani-paniwala na.

145 Ganoon din Siya sa ngayon. Di Siya nagpapa-prayer card. Di kailangan ng kung anong grupo. Ang kailangan kasi mismo ay pananampalataya, katulad nung bulag na si Bartimeo doon sa kabilang dulo ng pintuang-bayan nung paglabas Niya roon. Dalawang-daang yarda ang layo mula sa Kanya, ’yun po ang distansya, papaano Niya narinig ang tinig nung bulag? Pero, “Oh Jesus, Anak ni David,” napahinto nga Siya nun, hinipo ang Kanyang damit. At kaya bumaling Siya, nagsabi, “Dalhin n’yo rito.” Kita n’yo?

146 At dinala nila ang munting bata roon. Ipinatong Niya ang Kanyang mga kamay sa munting bata, ’yun lang ang ginawa Niya. Kaunting sandali pa, naibalik na dun sa tatay, at hayun na nga ’yung bata sa kalsada, patakbo-takbo na. Lumisan na talaga ’yung lagnat.

147 Medyo napalambot siya nun nang kaunti. Sabi niya, “Baka propeta naman talaga Siyang totoo?” Para ngang naniniwala na siya nung oras na ’yun.

148 Alam n’yo, may mga ganoong bagay talaga na tumutulong na magpaniwala sa atin, dahil Siya ang Salita ngayon, (hindi “Ako noon”), “AKO YAON.”

149 At nung parating na si Jesus dun sa ilalim ng puno, naisip niya. . . Buweno, hinawi niya ’yung munting dahon, tumingin sa ibaba. Nung pagsapit Niya roon sa ilalim ng puno, naisip niya, “Siya kaya’y isang propeta? Totoo marahil.” Kita n’yo, kinakailangan na may pananampalataya kayo. “Siya kaya?” At nung dumaan Siya sa ilalim ng puno, na ang Kanyang ulo ay nakatungo, naglalakad sa Kanyang mahinahon na paraan.

150 May kung anong bagay talaga, na kapag nakita n’yo talaga Siya, kayo—kayo—kayo po’y mababago. Di maaaring ganoon pa rin kayo sa kung ano kayo noon. Mangyaring nakapakinig na ako

tungkol sa Kanya, ganoon din na nakapakinig na kayo tungkol sa Kanya; pero nung makita ko Siya, ang Kanyang Salita, ako—ako—ako nga’y di maaaring manatili kung ano ako noon. May kung anong bagay sa Kanya, na iba kumpara sa iba pang tao. May kung anong bagay sa Kanya, na iba kumpara sa mga obispo at mga kardinal at mga papa, at iba pa. Siya, may kung anong bagay sa Kanya na iba.

¹⁵¹ May paghipo kay munting Zaqueo. Ang mga panalangin ni Rebekah ay nabigyang tugon. Nung dumaan Siya sa ilalim ng puno, sabi, “Buweno, ako—ako siguro’y hihingi ng tawad kay Rebekah pagbalik ko. Mukhang patungo na Siya sa daan Niya papunta kina Lavinski, ayos lang. Kumain man Siya sa ibang restawran, ayos lang sa akin ’yun ngayon.” Kita n’yo, nakita na niya kasi Siya.

¹⁵² Mangyari nga noong sumapit na Siya sa ilalim ng puno, huminto Siya, tumingala, nagsabi, “Zaqueo, bumaba ka ryan. Pupunta ako sa bahay mo kasama mo, para kumain ngayon.” Kita n’yo, alam Niya na naroon siya sa itaas. Kilala rin Niya kung sino siya.

¹⁵³ Kapatid na lalaki, kapatid na babae, Siya’y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Siya po’y magdaraan sa daan na ito sa umagang ito. Dumaan Siya sa daan na ito sa siyudad na ito, narito po sa sanlinggong ito’t kasama natin.

¹⁵⁴ Alam n’yo? Kung ang Pangulo ay dumating, si Pangulong Johnson ay dumating sa Topeka, itataas nga ang mga watawat, alagayan ng dekorasyon ang mga kalsada, at tatanggap siya ng malugod na pagsalubong. Pero kung si Jesus ang darating, heto nga na halos walang pumaparoon at para salubungin Siya. May mga pulis pa ngang aalalay para papuntahin ang Pangulo dito sa siyudad, pero tayo rito ngayon ay napakaraming bakanteng upuan. Nakita n’yo ang pagkakaiba? Walang pagpapahalaga ang mga tao na makita Siya.

¹⁵⁵ Umaasa ako na may Zaqueo sa umagang ito. At nung pagdaan Niya sa gawing ito, Siya mismo ’yun na kumakausap sa inyo.

¹⁵⁶ Si Zaqueo nga’y bumaba ng puno. Haya’t, di mapipigilan ang mga kritiko na sabihin, “Ang lalaking ito’y makasalanan.”

¹⁵⁷ Ang sabi niya, “Panginoon, kung may kinuha man ako sa pamamagitan ng pandaraya, ibabalik ko ’yun ng maka-ilang daang ulit. Ibabalik ko. At kung may hinuthutan man ako na tao, handa akong iwasto ’yun. Ako—ako po’y handa.”

Iyuko na natin ang ating mga ulo.

¹⁵⁸ Zaqueo, handa na ba kayo sa umagang ito? Hindi po ba’t mainam kung bababa na kayo mula sa puno? Hindi po ba’t mainam na kumilos na kayo? Siya’y magdaraan sa daan na ito ngayon, magdaraan sa inyong puso, mangungusap sa inyo.

Mayroon po ba, habang nakayuko ang ulo natin, nananalangin, mayroon po ba rito na magsasabi, “Kapatid na Branham, sa totoo lang po ako’y may kaunting duda noon”? Alalahanin n’yo, siya’y relihiyosong lalaki, mismo. “Ako’y may kaunting duda, pero ngayon nananampalataya na ako. Iyo pong tulungan ako sa di-pananampalataya ko, Diyos.” Di po paukol kay Kapatid na Branham, dahil wala namang ibang nakakakita kundi sarili ko lang at ang Diyos, “kaya itataas ko ang mga kamay ko at sasabihin ko, ‘Huwag Mo po akong lampasan, Oh mabining Tagapagligtas. Iyong dinggin ang aking pananambitan. Iyong gawin akong tunay na mananampalataya, Panginoon. Halika po, magpunta sa aking tahanan kasama ko at mamalagi sa akin pong tahanan.’ ‘Sa araw na ito Ako’y lalagi sa tahanan n’yo.’”

¹⁵⁹ Magagawa n’yo bang itaas ang inyong kamay, sabihin, “Alalahanin Mo po ako, Diyos”? Pagpalain ka ng Panginoon, pagpalain ka, at ikaw. “Alalahanin Mo po ako, Diyos. Ikaw po’y sumama sa akin sa pag-uwi, sa umagang ito. Nababatid ko na narito Ka. Batid ko na natatalos Mo ang puso ko. Ikaw po’y nangungusap sa akin ngayon. Nalalaman Mo na ang mga bagay na nagawa ko ay mali. Alam Mo na gayong kabahagi ako ng full Gospel na iglesya, hayan nga ako na pabaya, di ko nagawa kung ano ang tama. Naisasantabi ko ang mga pagtitipon para sa pananalangin. Marami akong naisantabi. . . Nakagawa ako ng mga bagay-bagay, na sa totoo lang po, ay di itinataguyod ng aming—aming pinaniniwalaan.”

¹⁶⁰ “Ako—ako—ako po’y babae, at batid ko na nananamit ako nang di marapat. At pinuputol ko ang buhok ko. Naglalagay ako ng kolorete. At ang dapat sana’y isa akong full Gospel na babae, kapatid na babae. Mahabag Ka po sa akin, Panginoon. Hangad ko—hangad ko na Ikaw po’y sumama sa akin sa aking pag-uwi sa araw na ito, at ako—ako—ako’y mamumuhay bilang isang—isang buhay na ehemplo ni Cristo, mula ngayon.” Kung nararamdaman n’yo ang Presensya na ’yan ng Diyos, sige po’t itaas n’yo lang ang inyong kamay, at sabihin, “Manalangin ka po para sa akin.” Pagpalain ka ng Diyos, at pagpalain ka ng Diyos, ikaw. Pagpalain ka ng Diyos, mga kapatid na babae. Oo.

¹⁶¹ Makalangit na Ama, ang ilan po sa mga babaing Zaqueo at lalaking Zaqueo ay nagsihawi ng dahon at sumilip. Napagtanto nila na nasumpungan ni Jesus kung saan sila nakatira at kung nasaan sila, inihayag sa kanila na mali sila. Marami, at marami pong mga kamay ang nagsipagtaas. Nawa’y sumama Ka po sa kanila sa kanilang pag-uwi ngayong araw na ito, Ama, sumama patungo sa kani-kanilang bahay, tumira sa kanilang mga puso. Nawa’y di nila makalimutan ang umagang ito. Gayong, dito po ay ito’y. . . nakakaaliw ang mga bagay na aking. . . at sinikap lang na bumuo ng—ng—ng pakiramdam na nakakatuwa sa mga tao rito na halo-halo. At ngayon sa sandaling ito na ang punto ay natugaygay na mismo, na ’yun pala’y—’yun pala’y para—

para maibunsod sa mga tao na mapagtanto kung ano ang naka tindig na kasa-kasama namin sa umagang ito rito, ang Salita na nahayag sa siyudad naming ito, sa piling namin, na haya't ang Panginoong Jesus pala Mismo, ang Salita na nagsalaman, kumikilos sa Kanyang Sarili sa laman ng tao. Oh Diyos, nawa po'y makita ito ng pinaka mamahal naming mga kaibigan at sila po'y madala pa nang mas malapit sa Iyo.

¹⁶² Ikaw po'y umuwi kasama nila, 'yan ang muling hinihiling ko, Ama, samahan ang bawat Zaqueo at bawat babae, bawat Rebekah. Nawa'y mabatid niya na ang mga pananalangin niya ay natugunan na. Amin pong itinatagubilin sila sa Iyo ngayon. At nawa sila, nang walang pag-aatubili'y, tanggapin Ka mismo sa kanila pong puso, kagaya ng ginawa ng munting Hebreo na ito ngayong umaga, gayong nagkamali sila. Sabi, "Hindi бага't siya man, ay anak din ni Abraham?" Kaya heto na nakahanda Kang umuwi kasama namin, Ama. Dalangin namin na di Mo kami iiwan. Sumama Ka po sa amin, mula sa agahan, habang kami po'y nakaupo sa dako rito sa umagang ito; at nakatingin sa isa't isa na nasa kabila ng hapag, masaya, may katuwaan, nakikipag kamay sa isa't isa, at may paggiliw sa isa't isa, kung papaanong sadyang ganoon dapat ang tunay na mga Cristiano.

¹⁶³ At iniisip ko na ako—ako—ako po'y baka di na makadako sa lugar na ito muli. Baka di ko—di ko na makita pang muli ang grupo rito sa uulitin nang ganito, na isa uling agahan. Pero ako po'y nakakatiyak, Ama, na kung itatagubilin nila na Ikaw ay sumama sa kanila sa kanilang tahanan, ngayong araw na ito, at maglulumagi sa kanila, sila po'y makakatagpo ko sa Hapunan, sa panahon na ang pakikipagbaka'y ganap na naipanalano na at ang dakilang hapag ay nailatag na sa buong kulandong ng langit, at mauupo't magkakakitaan sa isa't isa sa magkabilaang dulo ng hapag.

¹⁶⁴ At ako po'y tumatanaw sa umagang ito sa mga ministro na nakaupo rito, nag-uuban na ang buhok, na nangangaral noon pa man nung ako'y bata pa lang. Sa tingin ko po'y pinutol nila ang mga hambalang, nilinis ang mga kalsada, at sinigurado na walang aberya ang pagdaloy nun doon nang sa gayon ang mga kaloob na ito na iprinopesiya nila ay darating. Diyos, Iyo pong pagpalain sila, pagpalain silang lahat. Pagpalain ang maiinam na mga kababaihan na ito na nagsakripisyo para ang kanilang mga asawang lalaki ay makapangaral, at mga pagsasakripisyo na lahat ng mga Cristiano'y pinagdadaanan. Ikaw po'y mapasa kanila, Ama.

¹⁶⁵ Mauupo kami sa gabing 'yun, nakatingin sa kabilang dulo ng hapag sa isa't isa, at marahil di na namin makikita pang uli ang isa't isa sa umagang ito, hanggang sa dumating ang oras na 'yun. Pero, di nga maikakaila, na ang mga luha ay tutulo mismo sa aming mga pisngi, sa kagalakan, kapag iaabot ko na po ang kamay ko sa kabilang dulo ng hapag at kakamayang sila. Tapos

makikita namin na Siya'y lalabas na roon. Kami'y magagalak nang lubos dahil bumaba kami sa punong 'yun, marahil puno ng kredo, puno ng denominasyong kredo, o kung ano, sadya ngang umalis mula sa aming pagiging makasarili, umalis mula sa pagkakasampa sa aming mangmang na mga gawi, o sa amin pong kawalan ng malasakit sa Kanya; umalis mula sa aming kabulagan, patungo sa Liwanag. Magagalak nga kami na sa oras na 'yan na Siya'y lilitaw na, sa ganap Niyang Panghari na kasuotan, maglalakad dun sa kahabaan ng hapag, at idadaiti ang Kanyang mayamang kamay at papawiin ang lahat ng mga luha mula sa aming mga mata, sasabihin, "Huwag na kayong umiyak. Tapos na. Pumasok kayo sa kagalakan ng Panginoon, na inihanda na sa inyo mula pa nang itatag ang sanlibutan." Hanggang sa oras na 'yan, Ama, Ikaw po'y maglumagi sa piling namin, umuwing kasama namin at manatili sa piling namin, hanggang sa oras na 'yan. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁶⁶ [Isang kapatid na babae ang nagsasalita ng iba't ibang wika. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

I love Him, I love Him
Because He first . . .

¹⁶⁷ Noong umakyat ako ng puno, inibig pa rin Niya ako.

And pur- . . .

Tingnan n'yo nga 'yung puno na inakyat na Niya para sa akin, sa Krus, isang puno ng pag-aalipusta.

On Calvary's tree.

¹⁶⁸ Tingnan n'yo 'yung puno na inakyat na Niya, para maibaba kayo mula sa puno n'yo.

I . . .

¹⁶⁹ Ngayon, di n'yo Siya maiibig kung di kayo mag-iibigan sa isa't isa.

I . . .

Ngayon iabot n'yo ang inyong kamay sa kabilang dulo ng hapag, at sabihin, "Pagpalain ka ng Diyos, manlalakbay," sa harap n'yo lang sa nariyan.


. . . -cause He first loved . . .
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

¹⁷⁰ Hindi po ba't iniibig n'yo Siya dahil tinungo Niya ang puno na 'yun para sa inyo, para maibaba kayo mula sa inyong puno? Magagawa n'yo ba na hayaan Siyang sumama sa inyo sa inyo pong tahanan sa umagang ito? Ilan po ang isasama Siya? Itaas n'yo ang inyong kamay. [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pagpalain kayo ng Diyos.

¹⁷¹ Mga negosyante, gusto ko pong makausap kayo sandali, bago tayo umalis.

¹⁷² Ngayon kung kayo po'y di pa Cristiano, kung di pa kayo nagkakaroon ng kaugnayan; kayo na mga Cristiano, kayo po, kung tinatanggap n'yo si Cristo sa pagtaas n'yo ng kamay n'yo, magpunta kayo sa isa sa mga pastor na narito, sabihin n'yo sa kanila ang mga nagawa n'yo. Kanila kayong tatanggapin. May isa pong tao o isang pastor na sumulat ng liham na ito rito, para sa isang binata rito, isang itim na kapatid na lalaki. Ang biyaya po 'yun kagabi, na 'yung kabataang 'yun na nakamasid dun at sinampalatayanan niya 'yun. Kita n'yo? Kita n'yo 'yun? Kung papaanong 'yung binata, kung papaanong 'yung Espiritu ay bumaling. Naikuwento 'yun sa akin ni Billy, at ng maybahay ko at sila, matapos naming makauwi. Bumaling nung 'yung binata ay narito sa sulok na ito, dumako rito at nasumpungan ang isang 'yun, kita n'yo, para dalhin siya sa Tahanan. Dakila ngang kapangyarihan! Kaya inyong isama Siya sa inyo. Kayo po'y magpunta't sumama sa isang grupo sa isang dako kung saan puwede kayong makipagbuklod, na ipinangaral ang buong Salita ng Diyos. At manatili sa Salita na 'yun, kahit na ano pa ang mangyari, kita n'yo. Ganoon nga.

¹⁷³ Mga negosyante, alam n'yo po ba kung anong nangyari kay Zaqueo? Siya'y naging miyembro ng Full Gospel Business Men ng Jerico. Ganoon nga. Yung sangay na naroon, siya'y naging kabahagi roon. Mukha ngang padalus-dalos na pahayag ito, pero totoo po. Naniniwala nga ako na si Jesus ay di magtatatag ng anupamang iba kundi isang full Gospel na sangay mismo, at si Zaqueo ay naging kabahagi Niya. Kaya sa panahon ngayon, Zaqueo, ganoon din po ang gawin n'yo.

¹⁷⁴ Hanggang sa pagkikita natin uli mamayang gabi, pagpalain kayo ng Diyos. Ibinabalik ko ang gawain sa pastor dito. 

SINO SI JESUS? TAG64-0620B

(Who Is Jesus?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng umaga, Hunyo 20, 1964 para sa agahang pagtitipon ng Full Gospel Business Men's International sa Holiday Inn sa Topeka, Kansas, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org